GRAD
PL
6058.9
.S87
1915
BUHR

Buhay ni Principe Oliveros

MANILA: 1915

THE UNIVERSITY OF MICHIGAN
LIBRARIES
THE UNIVERSITY OF MICHIGAN
1817

SALITA AT BUHAY

NANG

PRÍNCIPE OLIVEROS

AT NG PRINCESA ARMENIA

SA CAHARIAN NANG INGLATERRA

AT SAMPO NANG BUHAY

NG PRÍNCIPE ARTOS AT NG PRINCESA BLANCA

NA AMA AT INA NI

D. JUAN TEÑOSO

SA REINONG VALENCIA.

MAYNILA, 1915

IMPRENTA AT LIBRERIA

NI

J. MARTINEZ

Moraga 34-36, P. Calderón 198, Real 156-155 Int., at Estraude 7, Binondo.

GRAD
PL
6058.9
.S87
1915

SALITA AT BÚHAY

NANG

PRÍNCIPE OLIVEROS AT NANG PRINCESA ARMENIA

SA CAHARIAN NANG INGLATERRA

AT SAMPO NANG BUHAY

NG PRÍNCIPE ARTOS AT NG PRINCESA BLANCA

NA AMA AT INA NI

D. JUAN TEÑOSO

SA REINONG VALENCIA.

Titigan nang matá,t, malásin nang isip
ang inilagay cong pinunlâ sa auit,
sa balang lumitáo, bunga,i, cun humitic
pumitás ang balang may nasà at ibig.
Ang halamang ito,i, itinatalatag
sa madlang may gusto,i, ipinatatatap,
at nang maunauà cun saan nag buhat
ay aquing mumula,t, paquingán nang lahat.
Púnong pinagmulán reinong Inglaterra
haring Alejandro nang nabubuhay pa,
ay quinamatayán nang asauang sinta
dapoua,t, may anác na príncipeng isa.
Na si Oliveros Castilla ang ngalan
na naguing balità sa lacás at tapang,

GRÁD
PL
505 P.9
S67
1915
3441R

gayondin sa licsi,t, manga carunungan
sa alin mang guerra naguing casabihán.
Iyón namang reina sa reinong Valencia
na cabalitaan ngala,i, Eustaquia,
sa ayos at gandá alangáng ipara
di mababagayan nang alin mang Ninfa.
Na quinamatayán nang asauang liyag
iyong daraquilang reinang sacdál taás,
siyáng sinalinan nang boong facultad
nang corona at cetro nang sacramajestad.
At may anac namán na isang príncipe
na naguing balità sa tapang at licsí
pinagcatacután nang león at tigre,
nang madlang guerrero at manga gigante.
Cayâ nga,t, sa tapang sa mundo,i, na bantóg
sa paquiquibaca nang príncipe Artos,
maraming sumucò na manga guerreros
dito sa bayani sa paquiquihámoc.
Di co pag-aanhin nag tamà nang sintá
haring Alejandro,t, reina Eustaquia,
siyá namang hingî nang real consulta
cayâ di nalao,i, na pa desposada.
At itóng dalauang príncipeng mariquít
ang pagsusunuran parang magcapatíd,
na pinilas mandín nang pagcacaparis
magcasama silá sa tahanang silíd.
Ugalì nang mundó nang saliuáng pálad
ang anomang galíng ay magcacasumbát,
at ang caraníuan na naguiguing lácad
tucsó nang demonio ang bumabagabag.

Manang isang gabí reina,i, nanaguinip sa cay Oliveros nang sintá,t, pag-ibig, nang ito,i, maguising malaquí ang galit dito sa pamangquín di ibig masilip.

Itóng Oliveros munti nama,i, ualang malay nang sa reinang daláng cagalitan, na cun caya parang nahalata lamang ay sa pagsasalo,t, pagcain sa dúlang.

Ang reina,i, nagtindíg sa upó,i, nagbúhat at iniirapan ang príncipeng hayag, sa cay Oliveros itó ay matatáp sa dalauang matá,i, ang lúha,i, pumatac.

Sa pagayóng lagáy namamasdán palá nang príncipe Artos na catotong sintá, pagdaca,i, tinanóng at ang uica niyá capatid co,i, baquin nagcacagayon ca.

Anó ang dahiláng iquinalalaglág diyan sa matá mo niyóng lúhang perlas, houag mong tulutan ngayón na mag-úlap ang muc-ha mong iyán arao nang liuanag.

Sa cay Oliveros namán ang tinuran Artos, hindi co na sucat ipagsaysay, ang dinadalá cong manga calumbayan daíg ang palasóng matálas na puñal.

Na ang cabagayan sa iná mong reina na di co malaman ang galit na dalá, ang áyos nang ásal na ipinaquita mabigát sa aquin na di co mabatá.

Aco nama,i, ualáng sucat na malaman cun anó ang aquing naguing casalanan,

iquinagalit nang reinang marangal
pag-apí sa aquing manga calagayan.
Cundanga,i, pagtingin sa poong co,t, ama
at sa iyó Artos siyang icalauá,
na cun di mapiguil ang galit na dalá
aquing iuaualat itóng Inglaterra.
Sa mahal mong iná cun hindi gumalang
aco sa amá co,i, malalapastangan,
mahanga,i, ang gauín umalís at manao
nang hindi masinsáy sa manga catouiran.
Paalam sa iyó sintá cong capatíd
Artos na cordeal cabiyác nitong dibdib,
houag mong limutin ang manga pag-ibig
pinagsámahan. tang loob na malinis.
Aco ay cun cahit sa iyo,i, málayo man
alaala catang di malílimutan,
ang dalauang réino,i, iyong alagaan
na ipagtangól mo sa macacalaban.
Ang tugón ni Artos ay maliuag mandín
cun ang pagsasama nati,i, lilisanin
hindi mangyayari at cata,i, susundín
sucdan ang búhay co,i, mauala sa aquin.
Sa cay Oliveros namang itinugón
Artos ay houag nang sa aqui,i, pa-ayon,
na cun isámaca,i, ualáng magtatangól
sa dalauang reino cun datníng lingatong.
Caya matirá ca,t, paalam sa iyó
houag cang malumbay sintáng catoto co,
cun ipagcaloob nang Poong si Cristo
di ring malalaon magquiquita tayo.

Ang aquing garrapa sa iyó co iiuan,
Artos tangapin mo ang lágac na señal,
na capag namulá iyáng nalalamán
hanapin mo aco,t, na sa cahirapan.
Sa nangyaring iyón ang luhà sa matá
ang inihabilin sa catotong sintá,
itóng maiiua i, sa di macabatá
na príncipe Artos pumapatnubay pa.
Marami ang madlang manga cayamanan
na pabáon niyá sa catotong hirang,
ang manga doblones di sucat mabilang
diamante,t, perlas, batóng maquiquinang.
Sinac-yan ang isang matuling cabayo
na may isang acay dala,i, bastamento,
at ang nalululan mut-yâ, at carbungco
sa paglacad niya,i, magsilbing sustento.
Na sa isang dáong pagdaca,i, lumúlan
sampô nang cabayo,t, ibang casangcapan,
ay may isang condeng naguing caibigan
ang reinong Irlanda ang patutunguhan.
Di co pag-aanhin sa manga paglayag
nang sila,i, dumating sa guitnâ nang dágat,
dinatnán nang onós at baguióng malacás
ang nasabing dáong pagdaca,i, naualat.
Itóng Oliveros talagá nang Langit
na sa isang tabla,i, nacapangunyapít,
sampô nang cabayo niya,i, nanga saguíp
hangang nacarating sa may bandáng guilid.
Gayón din ang condeng naguing caquilala
ay naca-ahon din doon sa aplaya,

nguni,t, mahinà na dahil sa binatá
niyong manga álon na dinaanang sigauá.
Príncipe,i, na-auà agád ibinigay
ang isang cabayo niyáng inaacay,
háyo na aniyá sa condadong lugar
aco i, matitirá labás nitóng bayan.
Salita,i, matapos ang cueva,i, tinungo
at itóng causap nasoc nang condado,
nang naroroon na ang bagay na ito
ang conde,i, namatay na ualang remedio.
Sa magcagayon na itóng si D. Juan
ang gulóng nangyari ay cahambal-hambal,
ayao ipalibing nang hari ang bangcáy
sapagca,t, sa caja malaquí ang útang.
Cundî may magbayad umacong mahigpit
nitóng cautangan ualáng masasapit,
bangcáy ma,i, mabulóc babantayáng pilit
sampô nang condado dadanin sa ilít.
Sa nangyaring yaón lacás nang iyacan
nang manga capatíd at camag-anacan,
sa auà nang Dios nagcataon namán
na si Oliveros siyáng pagdaraan.
Nagdalá nang auà sacâ itinanong
na cun sino iyong tauong nabuburol,
nang mapag-unauà niya,t, mapagtuntón
na iyón ang condeng casama sa dáong.
Auà nang príncipe sa nangyaring itó
nang arao ring iyón na pasa palacio,
ang uicà sa hari pagbabayaran co
ang útang nang conde cahima,t, magcano.

Siyáng pagca libíng bangcáy ni D. Juan
at si Oliveros nagbayad nang útang,
may ilang talega iyóng ibinigay
nangagpasalamat tanáng cahinlugan.

Doón sa nangyari sa auà nang langit
caloloua nang conde ay pinapagbalíc,
sa cay Oliveros nang gumanting pilit
niyong cautangan sa pagtatangquilic.

Bucód pa sa roón sa loob nang reino
sa nagcauang-gauâ na parang na inó,
na narinig niyang balità sa tauo
ay may patorneo hari sa palacio.

Na cun sino bagá maca pag pasaltá
sa dinurungauan balcón nang princesa,
nang manga cabayo ay hindi sasala
na siyang totoong maguiguing asaua.

Itóng nacarinig nang gayóng balità
ang sariling loob hindi napayapà,
ang cueva,i, tinungo at inisip nangâ
gagauing magalíng siyang inacalà.

Nag-uur[illegible]ng sulóng ang nasabing loob
sa torneo. [illegible]vaón siya,i, maquilahóc,
na ang al[illegible]na bacâ mapagod
dahil sa ca[illegible]hinang cumilos.

Di caring[illegible] sa darating
isang caballero
napahintong h[illegible]a
sa caniyang haráp a[illegible]

Catoto ay baquin ano
hindi ca dumaló sa torneo.

nariyan ang madlang iba,t, ibang bayan
dahilán sa premio nang haring marangal.
Ang cay Oliveros sagót na uinicà
anó pô ang aquing ceyang mahihitâ,
itóng cabayo co ay lubhang mahina
di macalulucsó lampás nang bintana,
Caculangáng paua tugón nang causap
na sa pag-asa mo,i, lumayô sa pálad,
niyong cautusán sa ini-aatas
sa aua nang Dios parang nangingilag.
Ngayo,i, paroon ca sundin itóng bilin
itanim sa isip houag lilimutin
sa haráp nang madlâ cun icao dumating
sinac-yang cabayo iyong palucsohín.
Na paraaning pilit sa bintanang bucás
sacâ sa cabilâ doón ca lumabás,
nguni,t, ang bilin co ang sombrerong ingat
houag ipupugay sa tanáng caharáp.
At magpatuloy cang moui nitong cueva
aco,i, dadatnan mong dito,i, ualáng sala,
hayo na catoto bacâ mahulí ca
naroón nang lahat ang tauo s[illegible]iaza.
Ipagpagayóng co sa pala[illegible]al
nagcatipon nanga mang[illegible]alan,
ang manga caba[illegible]ac-yan
ay parepar[illegible]mbahan.
[illegible]alang lahat
[illegible]gpaquitang guilas,
[illegible]g sumapit sa tapát
[illegible]ang sa balcóng taás.

Sa ualáng mangyari sa lahat nang iyón
manga torneantes na nagcacatipon,
ay si Oliveros nama,i, nagcataón
na siyang pagdating sa oras na iyón.

Pinalucsóng biglá sa balcóng itaás
ang cabayo niyang mahiguit na limbás,
sa ibang bintana doon pinalabas
pauang nangagtaca ang grandes na lahat.

Ang galit nang hari sa nangyaring ito
calapastanganan niyong caballero,
ualáng taglay bait daig ang viliano
hindi man pinugay sombrero sa úlo.

Anang isa,t, isa extranjero mandin
sa malayong reino siyá ay nangaling,
cabayong sinac-yan ang camuc-ha,i, hangin
tusón at insignia ay hindi mapansin.

Cun gayon ang uica nang haring daquila
ang torneo búcas ay muling ihandá
na bacá magbalic ang lilo,t, cuhilá
cupcupin ang isang daraanang bintana.

Cun siya,i, mahúli ang bahala,i, acó
gagauing parusa na dapat cun anó,
sa caualang galang gauáng dili toto
ang macacapalit ang caniyang úlo.

Lisanin co iyón sandaling bayaan
hari at consejo sa naguing usapan,
sa cay Oliveros ipatungo naman
itóng caballero sa cueva,i, dinatnan.

Anang caloloua uica sa caniya
paroon cang muli búcas nang umaga,

cun anó ang iyong guinauá nang una
siyá mo ring gauín ngayong icalauá.
Sa, icatlóng arao icao,i, mararaquíp
ang hari sa iyó magdadalang galit,
na hahatulan ca,i, ualáng masasapit
at ang sasansala ang lahat nang grandes.
At icacasal ca sa bunying princesa
sa arao ring iyón idedesposada,
sa iyo catoto,i, paalam na muna
di rin malalaon cata,i, magquiquita.
Ani Oliveros sintá cong catoto
anó cayáng bagay iiuan mo acó,
di co sana ibig maghiualay tayo
hírap ó guinhaua ang casapitan co.
Cun aco,i, panuntán pálad na magaling
icao po catoto,i, babahaguinan din,
sapagca,t, sa iyo nagbuhat nangaling
icao ang nagturò nang daan sa aquin.
Anang caballero sa ibá nang arao
magcaniíg quita,t, muling magpanayám,
ang ipinangacò houag lilimutan
pag-uusiguin co parang isang utang.
Masabi ang gayón caloloua,i, nalís na
nang dumating namán nang pagca umaga,
ay si Oliveros gumayác pagdaca
tinungo na namán iyong real plaza.
Para rin nang unang caniyang guinauá
cabayo,i,. nagdaan doon sa bintana,
sacá pinalabás niyá sa cabilá .
soldadong cumupcóp di naca apula.

Ang galit nang hari di sucat sabihin
nagbago na namang nagbigáy nang órden,
ang pinto at bintana sarháng magalíng
nang ualáng pagdaanan ang lilo at tacsil.
Nang dumating namán ang icatlóng arao
nulíng nagcatipon iyong manga mahal,
parang nag-aantay nang capanahunan
doón sa torneo na maguiguing hangán.
Siyang pagdating na nang bunying príncipe
iyong victoriosong dating mapag-uaguí,
cabayo,i, lumatág sa guitna nang córte
ang cahalimbaua,i, ang isang bohaue.
At saca lumucsó sa balcóng mataás
sa bintanang ibá ang nasa,i, lumabás
hindi macaraan at sarradong lahat
sa laláng nang hari siya i, napahamac.
Saca pinag-útos sa soldado niyá
dacpín ang príncipe,t, isa-bartolina,
sa caualang galang gauáng di maganda
ngayón din gapusi,t, bigyán nang parúsa.
Itóng gagayonin nagbunot na agád
nang espada niyá at saca nangusap,
sino man sa inyó capag may nangahás
sacsí co ang mundo sa dugo,i, daranac.
At alin ang leyng inyong natutunghan
sinsay sa ugali na naguing catouiran,
sa recta justicia ga tila mahalay
parusaha,i, tauong ualáng casalanan.
Sa aquing pagsunód sa útos nang bando
balitang dumating sa lahat nang reino,

saca nang maganáp ang lahat nang itó
parúsa ang siyang aquing matatantó.
Ang calac-hán nila,i, dapat na mag-uari
baca ang justicia nama,i, namamali,
anó caya,t, inyó na ilulugami
at parurusahan na cadali-dali.
Sa nangyaring iyón tanang consejero
lumapit sa hari ang uinica,i, ganitó,
magdaláng habág ca tunghan nang matá mo
paquingán ang aming pagbibigay páyo.
Na cun mangyayari ang capamanhican
nang manga lingcód mo, monarca,i, paquingán
ang príncipeng bunyi di dapat hatulan
at ang hinihingi,i, na sa catouiran.
Oo,t, mangyayari ang balang maibig
na sundín ang útos nang lahat mong cábig,
ang príncipe,i, bago matálo,t, madaíg
maraming campón mo ang mapipiyapis.
Quilala po namin na sa Inglaterra
sa cay Alejandro ay suplíng at bunga,
manga caanaca,i, tubo sa Castilla
casabiháng dati sa alín mang guerra.
Na cun ang príncipe,i, siyang mapahamac
sa ati,i, mayroon silang isusumbát,
haring Alejandro ay hindi papayag
cun hindi igantí ang caniyang anác.
Pagcacasundán na nang malaquing guerra
gugubatin tayo na ualáng pagsala,
nang reinong Valencia at nang Inglaterra
saan patutungo caya ang Irlanda.

Caya po monarca magdalá cang hápis
sa tanáng campón mong nagsisipamanhíc,
di dapat sisihin bigyáng nang pasáquit
itóng caballerong na sa sa matuíd.

Nang hindi masabi nang capoua mahal
ang pangungusap mo,i, ualáng casaysayan,
at ang uicang hari napagayón lamang
balang macasunód ay parurusahan.

Caya pag-isipin mahal na monarca
nang di maguing pangit sa ibang corona,
ipacasál mo pó ang aming princesa
nang hindi masira ang sa bandong reza.

Itóng nagagalit naglubag ang loob
na sa pagpapayo madlang consejeros,
caya nga,t, sa gayón ay si Oliveros
pagdaca,i, tinauag nang monarcang bantóg.

Pagca,t, sa panahón ng úri,t, quilatis
nang alin mang guintó at manga brillantes,
ang idiniringal sa matáng tititig
na sa cahusayan nang gauáng malinis.

Bagay sa págod mo,t, manga capagalan
nagtauid dagat at naglacbáy bayan,
ngayo,i, panahón nang dapat maquinabang
sa bunying princesa icao ay macasal.

Ani Oliveros monarca,i, salamat
aco sa anác mo na cun mararapat,
paquinabangan din na hangáng sa uacás
ang pinagsadya co na magandang palad.

Nang arao ring iyo,i, nasunód ang utos
Armenia,i, nacasal sa cay Oliveros,

ang sayá nang reino,i, di matapos-tapos
nangag si pag-viva ang tanáng vasallos.
Gayon din ang toua nang haring Felipe
sa manugang niyang hayág na bayani,
caya,t, sa palacio doo,i, nanatili
iyong casayahán nitóng magsing-casi.
Arao sa pagsicat panahó,i, nalacad
ang quisáp nang ningning hindi cumucupas,
habang lumalaon bagcús cumacalat
iyong cagalingang pagsasamang tapát.
Sa pagsusunuran nitóng mag sing-ibig
sa cahinusayan sila,i, matahimic,
linoob nang Dios Armenia,i, nagbuntís
toua nang esposo,i, ualang macaparis.
Dumating ang arao nang capanganacan
nagdaang hinusay ang princesang mahal,
at sa naguing anác lumabás na cambál
capoua lalaquing pauang mariringal.
Nang quinabucasan ay pinabinyagan
Alberto ang una pamagát na ngalan,
at ang icalauá ay Adriano namán
sing-isá nang quias daláng cagandahan.
Di co na sabihin ang sayá nang reino
lahat nang bintana,i, may manga damasco,
at sa fiesta reales nagbigay indulto
hari pinaualán ang lahat nang preso.
Lisanin co yaong manga casayahán
ang nasabing fiesta namán ay naparam,
itóng mag-asaua,i, sa catahimican
may isáng sacuna na sila,i, dinatnán.

Pagca,t, marapat nang ibig ipaquita
ang hampás nang Langit sa isang masala,
natanao-tanauán nitóng mag-asaua
iyong sinasabing bundóc nang Asturia.
Sa himaláng iyong canilang namasdán
loob nang príncipe,i, parang napamaang,
dahilán sa diquít nang manga halaman
esmeralda mandi,t, batóng maquiquinang.
Caya,t, itinanong sa sintáng asaua
iyong cariquitang caniyang naquita,
na cun pagmalásin nang dalauang matá
ang lagay nang bundóc ay caaya-aya.
Tugón nang princesa sintáng iniirog
encantado iyong sinabi mong bundóc,
maliligáya ngá ang matáng manoód
nguni,t, ang paroo,i, dina nasisipót.
Caya nabalita magpahangan ngayón
ang nagsipagsadyáng napatungo roon,
príncipe at hari manga emperador
pauang naguing batóng nabubuntón doón.
Ang príncipe nama,i, hindi na umimíc
sa sintáng asaua na ipinagsulit,
inacala niya na cung matahimic
gayác na ang loob na siya,i, aalís.
Na sa pag-uusap nama,i, sa darating
ang natatalagáng oras nang pagcain,
nang matapos nama,i, nagsipangupiling
sa hihigáng catre princesa,i, nahimbing.
Sa maquitang gayo,i, nanaog pagdaca
itóng Oliveros taglay ang espada,

sa isang cabayo siya,i, sumacay na
at dalauang áso siyang isinama.

Ano,i, nang dumating sa tuctóc nang bundóc
pagdaca,i, humiyao itong Oliveros,
maringig ang gayón nang bruhang bantog
sa tinatahanang bahay ay nanaog.

Saca nilapitan nang bruha ngang itó
ang cay Oliveros sinac-yang cabayo,
nasa cabagsicang tagláy nang encanto
ang príncipe,t, áso,i, doo,i, naguing baló.

Magmulá na niyón sa hindí pag-oui
ang sintáng esposa ay nagdalamhati,
caya nga,t, sa gayo,i, sa saquít nagauí
at napaquiramay sampo pa nang hari.

At nang maratay na,t, magumon sa saquít
ang hari,t, princesa dahilan sa hápis,
tumauag nang junta sa lahat nang grandes
cun anó ang dapat gagauing matouid.

Di nalibang arao nagcatipong lahat
tanáng consejeros nang monarcang hayág,
nang naroroon na ang hari nangusap
¡oh manga campón col cayo,i, maquimatyág.

Magsigayác ngayón bruha ay gubatin
ang príncipe ninyó hangaring agauin,
ang sagót nang lahat ualáng mararating
tauo,i, mapupucsa capag pipilitin.

Sa sagót na yao,i, lalo pang lumubhá
saquít nang princesa,t, nang haring daquila,
túnas ay lumayo na di mapayapa
na sa dinaramdam at dinadalita.

Lisanin co iyón bayaang manulos
sa capighatian maratay sa lungcót,
salitang naiuan siyáng isusunód
búhay na nangyari sa príncipe Artos.
Mula nang umalís ang catotong sintá
siyá nang palaguing na sa alaala,
ang cadahilanan na sa pagsasama
malinis na lubha t, ualáng halong daya.
Nang isang tanghaling siya,i, nacahiga
sa caniyáng catre i, natinga-tingala,
lamán nang garrapa ay cahanga-hanga
at dugóng mistula ang cahalimbaua.
Pagdaca,i, nagtindíg sa quinahihigán
espada,i, quinuha, cruz ay hinagcán,
saca ang uinica na ang sino pa man
sa iyo,i, nagpahirap ay parurusahan.
Oliveros antáy at aco,i, hintín mo
at pag-uusiguin ca nang iyong catoto,
di aco tutugot caratnán may anó
sucdáng icaalís nitóng hiningá co.
Nang arao ring iyo,i, gumayác pagdaca
sangcáp ang catauan sa pananandata,
cabayo,i, sinac-yan at sa inang re'na
di na napaalam siya,i, lumacad na.
Madlang manga reino,t, manga bayán-bayán
iba,t, ibang tauo,i, pinagtatanungán,
ualáng maghimatón na sa caibigang
nacaquiquilala na sino,t, alín man.
Nang ualáng mangyari ang nasoc sa loob
reino,i, lisanin tunguhin ang bundóc,

hindi alumana ang anó mang pagod
hangád ay maquita ang catotong irog.
Hangang matanghaling arao ay sumapit
sandaling tumiguil cumanlóng sa init,
sa puno nang cahoy nama i, sa lalapit
isang caballerong sagana sa diquit.
Artos ay ang bati uinica sa caniyá
sa dangal mo t, taás aco,i, nagtatacá,
sa gayong calayo nang reinong Valencia
nacarating dito ang vuestra alteza.
Nagtacá si Artos dito sa pagbati
naquilala siyá di man casanguni,
caya,t, ang tinugón maguinoo,i, tabi
houag icagalit nang mahal mong budhi.
Ang isip co,t, loob parang nagtatalo
sa iyó at cun baquit naquilala aco,
anang caballero aco,i, ang catoto
nang tagá Castillang pinaghahanap mo.
Di si Oliveros ang nasa mo,t, sadya
caya nacarating nang malayong lupa,
ngayo,i, napahamac dinatnang sacuna
may ilan nang bouang siya,i, nauauala.
Caya nga,t, may saquít hari at princesa
na ang cabagaya,i, dahil sa caniyá,
lingapin nang habág sa reino,i, masoc ca
at icao ang siyáng macaguiguinhaua.
Di maquiquilala ang lagay mo,t, ayos
uiuicaing icao ay si Oliveros,
caya hayo ca na,t, sa reino,i, pumasoc
tapunan nang habag ang calunos-lunos.

Paalam sa iyo,t, cata,i, iiuan na
sa ibá nang arao quita,i, magquiquita,
sa cay Artos namán doo,i, naquilala
na may asaua na ang catotong sintá.
Naglacád na siya t, ang reino,i, tinungo
at nang dumating na i, nac-ya,t, sa palacio,
sinalubong namán nang manga consejo
manga catouaa i, hindi mamagcano.
Siyáng naguing muláng iquinatakimic
nitóng nararatay sa hihigáng baníg,
dahil sa príncipeng toua,i, di malirip
nang maquita nila,i, gumalíng ang saquít.
Caya nga sa toua nang bunying princesa
dito sa pagdatíng nang sintáng asaua,
at gayon din namán ang bunying monarca
canilang niyacap sa laqui nang sayá.
Na di nahalata pagca,t, magcaparis
ang lagáy nang muc-ha, ang quilos at tindig
hangáng mapagabí oras ay sumapit
ay hindi na pansin sila,i, nagsi-idlíp.
At nang maguising na nang pagca umaga
nangagsicain na doón sa lamesa,
sa príncipe Artos pagdaca,i, naquita
iyóng sinasabing bundóc nang Asturia.
Esposa,i, tinauag princesa cong ibig
malasin ang bundóc panoorin ang diquít,
ang madláng halaman cahit malihít
daho,i, malalabay bunga,i, humihitic.
Tugón nang princesa ay cahapon lamang
nangaling ca roon sintáng minamahal,

baquit bagá ngayón ay pagsasabihan
di pa nalalao,i, iyóng nalimutan.
Sa sagót na iyón nang bunying princesa
ang príncipe Artos ay di cumibo na,
doon na acala ang catotong sintá
sa bundóc na iyón ay napalamara.
Inacala niyá na maglibáng-libáng
at nang sa princesa ay di maramdamán,
hangáng macatulóg inantabayanan
na bago nanaog sa palacio real.
At di nagpamalay sa bunying monarca
sa isang cabayo,i, sumacay pagdaca,
iyóng cabunducan ang siyáng pinuntá
at dalauang áso siyáng isinama.
Sa bilís nang lacad anyóng sasapitin
ang tuctuc nang bundóc siya,i, napatiguil,
na ang cabagayán dahil sa pagdatíng
niyóng caballerong nagdadamít itim.
At saca nangusap príncipe aniya
sa sasabihin co icac,i, tumalima,
at sa aquing útos cun magpabaya ca
icao ay marahil na mapalamara.
Sa gayóng sacuna nang hindi umabot
ang útos co,i, sundi,t, itaním sa loob,
na capagdatíng mo sa tuctóc nang bundóc
icao ay humiyáo nang lubhang matunóg.
Cun ito,i, marinig nang bruhang tacsíl,
siya,i, mananaog icao tutunguhin,
houag mong payagan sacaling dumating
rienda nang cabayo,i, caniyang piguilin.

Espada,i, buntin cumpasán mong biglá
ang dalauang áso siya,i, ipahiyâ,
bayaang cagatín houag ma-aaua
nang icao ay hindi na mapanganyaya.

Capag nahirapan ang lilong bruha
sintá mong catoto ipaquiquita niyá,
pangangacuan ca nang iba,t, iba pa,
tangapin mong lahat at yao,i, mahalagá.

Salitá i, matapos caballero,i, nalís
ang príncipe nama,i, tinungo ang nais,
sa tuctóc nang bundóc nang siya,i, sumapit
humiyao na bigla,t, matunóg ang voces.

Marinig ang gayón nanaog ang lilo
tica,i, pipiguilin renda nang cabayo,
hindi pinayagan macalapit itó
at ipinahiyâ sa dalauang áso.

Lumapit ang ásong sacdál nang tatapang
at saca ang bruha,i, pinagcagatanan,
na ualang magtangól dapat na sulingan
caya,t, napagumon sa guitna nang parang.

Sa mahirapan na bruha,i, nanangis
ang dalauang matá lúha,i, parang bátis,
at saca humiyao na ipinagsulit
Artos na balita icao ay mahapis.

Houag ipagcait sa abá cong lagáy,
ang iyóng saclolo, ang aua,i, ibigáy,
di dapat hangaríng iyóng ipapatay
patauarin mo na itóng aquing búhay.

Artos ay tangapín abót ang singsing co
na ini-aalay sa camahalan mo,

ang virtud na dalá susucò sa iyó
ang tanáng gigante,t, manga encantado.
Tinangáp ni Artos ang nasabing singsing
at saca ang áso,i, bigláng pinatiguil,
ngayon din aniyá ilitao mong tambing
ang tagá Castillang catoto co,t, guilio.
Bruha,i, nagtindíg sa baló,i, dumulóg
siyáng pagca búhay nitóng Oliveros,
na nacasacay rin sa cabayong bantóg,
malaquí ang toua nang príncipe Artos.
Nag-agapay silá bundóc ay nilisan
sa habang paglacad nagsasalitaan,
ani Artos bagá catoto cong hirang
mula nang malís ca,i, di na napalagay.
Nang isang tanghaling aco,i, nacahigá
na sa aquing catre,i, natingatingala,
laman nang garrapa ay cahanga-hanga
at mapulang dugô ang cahalimbaua.
Siyáng naguing mula nang paglalacád co
at aquing nasapit iba,t, ibáng reino,
balang pagtanungan niyóng pangalan mo
ay ualáng magturò na sino mang tauo.
Ang nasoc sa isip sa uala rin lamang
bilang maghiuatig nang iyóng pangalan,
ang inacala co ang reino ay lisan
naglacád na mulí,t, tinungo ang parang.
Hangáng sa dumating tanghalì sumapit
ay ang guinaua co,i, cumanlóng sa init,
nang naroroon nama,i, sa lalapit
isang caballero siyáng naghiuatig.

Siyá ang nagsabi niyóng iba,t, iba
na naguing palad mo hangáng mag-asaua,
doon co na batíd parang naquilala
búhay mong nangyari na napalamara.
Caya,t, nagcasaquít ang monarcang bantóg
at sampô nang iyó na asauang irog,
nalang macagalíng na anó mang gamót
at ang cabagaya,i, sa di mo pagsipót.
Siyá ang nagturò cun caya gumalíng
ang hari,t, princesa nang aco,i, dumating,
at siyá rin namang nagmúlat sa aquin
sa quinalalag-yau nang quita,i, hangoin.
Salamat cun gayón ani Oliveros
sa pagpapala mo catoto cong irog,
di co man magantí paquita mong loob
sa Langit mo hintín ang aua nang Dios.
Caya nga,t, sa gayón habang lumalacad
ay di naiiníp pagca,t, nag-uusap,
nang arao ring iyón dinating ding agád
ang nasabing reino sa palacio,i, nac-yat.
Sumalubong namán ang bunying monarca
sampô nang esposa na bunying princesa
dito sa dalauá sila,i, nagtatacá
nang pagcacaparis cambál ang capara.
Sa nangyaring yao,i, minagdamág halos
iyóng casayaha,i, di matapos-tapos,
at cun caya lamang parang nacalimot
nang sila,i, maidlíp at mga catulog.
Nang magcagayón na,i, itóng si D. Juan
príncipe,i, pinucao at pinagsabihan,

bangon na,t, pagtindíg sa quinahihigán
ngayón ay narito ang iyóng capitán.
Ani Oliveros sino ca at alín
nangahás pumucao sa aqui i, gumising,
ang tugón nang conde iyóng quilalanin
dati mong causap at casiping-siping.
Ipinarito co ay sa naguing tipán
galing sa bibig mong manga binitiuan,
hirap ó guinhaua na casasapitan
ay paghahatiin anó mang caratnan.
Cun ga,t, sa halamang macetas sa jardín
at ang ortelano naman ay tayo rin,
ngayong lumagô na at saca nagsuplíng
ang marapat nama,i, ating paghatiin.
Ani Oliveros ang lahat cong yaman,
gauad co sa iyó na ibinibigáy,
tugón nang caúsap hindî gayón lamang
at may iba ca pang pinaquinabangan.
Sa daang matouid ay hindî marapat
ang dinudulot mo,i, hindî matatangáp,
mahusay na trato ang lahat mong pílac
hatii,t, sampô nang asaua,t, anác.
Ang causap nama,i, parang napatiguil
sa sinasalita nitóng humihilíng,
lumipád ang isip at bumaling-baling
at di matutuhan cun anóng gagauin.
At nang manumbalic ang naualáng loob
nagtindig sa upô na naghihimutóc,
voces ay humina at saca namaos,
caya,t, mabanayad itóng pananagót.

Conde pô ang aquing anac ay dalaua
pahintulot co nang cunin mo ang isá,
di caya mangyari ang aquing asaua
sa pinag-usapan ipatauad mo na.
Anang caloloua,i, hindi mangyayari
houag mong sirain ang tratong nayari,
caya tuparin mo mahal na príncipe
ang pinag-usapan halaga,i, malaquí.
Sa hindi mangyari anomang ibiguin
at si Oliveros ayao patutulin,
caya t, ang panagót catoto,i, ngayon din
halina sa cuarto,t, sumama sa aquin.
Doón sa hicayat magandang anyaya,
itóng caloloua namán ay sumama,
at si Oliveros lumapit pagdaca
sa sintang asaua búnot ang espada.
Itóng nacahiga anyóng tatagain
nang nasasa camáy na dalang patalím,
ay cadalidali naman ay piniguil
niyóng caloloua at saca nagturing.
Sumapayapa ca, catoto co,i, sucat
naquilala co na ang loob mong tapat,
sa paquiquisama ay hindî naghangad
na macahiguít ca sa nangyaring úsap.
Ngayón at sa iyóng loob na magalíng
na naquilala co di mo man sabihin,
hahalagahán co,t, hindî maglilihim
at ipatatanghál ang na sa panimdim.
Na sa pagca,t, aco,i, calolouang túnay
nang tagá Irlanda na conde D. Juan,

na casamasama,t, naguing caibigan
at ipinagbayad sa hari nang útang.
Sa caauaan mo,t, loob na malinis
aco,i, isinugò nang Dios sa langit,
na dito sa lupa cusang pinabalíc
at nang quita,i, aquing maipagtanggquilic.
Sa hangáng dito nga aco,i, paalam na
sa iyo,t, cay Artos iyóng ipagbadyá,
na siya,i, omoui pagca,t, sa Valencia
ualang masalinan nang catro,t, corona.
Ang cadahilanan ay sa pagcamatáy
nang reina Eustaquiang iná niyang túnay,
matapos ang gayóng manga isinaysay
caloloua,i, nalís na di nagpamalay.
Siyang pagca guisíng nang bunying princesa
at sampô ni Artos na catoto niya,
sa cay Oliveros sinabing lahat na
iyóng naca-usap bagang caloloua.
At sinabing lahat tanang bagay-bagay
at sampô ng reinang Eustaquiang namatáy,
matantô ni Artos ang ipinagsaysay
siya sa sarili di na napalagay.
Sa nangyaring iyo,i, inacalang agad
ni Artos sa hari,i, biglang magpahayag,
na siya,i, tulutan cun maguiguing dapat
na maca oui na sa Valenciang ciudad.
Caya pô hari co bunying D. Felipe,
Armenia,t, icao catoto cong casi,
na sa loob ninyóng paquitang mabuti
aco,i, ualang sucat sa inyó,i, igantí.

Cun hindi ang isá na pananalangin
doón sa lumic-ha,t, sumacop sa atin,
nang upán din lamang na tayo,i, buhayin
na mahabang arao,t, magquitang muli rin.

Matapos ang gayón siya,i, umalís na
naglacád sa parang itóng tiguib dúsa,
saca nang dumating sa reinong Valencia
caniyang tinangáp ang cetro,t, corona.

Nang maguing hari na ang balitang Artos
sa reino,i, marami ang nangalulugód,
na sa cahusaya,t, mabuting pasunód
parang nagpupuri tanáng consejeros.

Sa gayóng ligaya nang caual na madla
mana,i, may dumating na isang balita,
sa haring cay Artos sabihin ang toua
niyong casayahan sa Veneciang lupa.

Dahil sa guinayác nang haring Floristo
na magpapalabás nang isang torneo,
caya nga,t, maraming manga caballero
doo,i, nangagsadya at nangagsidaló.

Di nalibang arao nagcatipong lahat
doón sa Venecia iba,t, ibang ciudad,
nang naroroon na,i, minulán ang gayác
nang nangag nanasang magcamit ng palad.

Ay siyang pagdating nang taga Valencia
na haring si Artos bantóg na monarca,
nagbigay nang galang sa bunying alteza,t,
sa nangaroroong grandes na lahat na.

Siya,i, lumahóc na,t, naquihalobilo
sa tanáng naroong nangag totorneo,

ay uala isa mang doon ay nanalo
sa haring cay Artos parang ipo-ipo.
Sa nangyaring iyo i, humiyao na lahat
at ipinag-viva itóng nagcapalad,
ang haring Floristo pagdaca,i, nangusap
at sa nag-victoria siya,i, nagpahayag.
At ang sinalita Marte nang Valencia
na balitang Artos dito,i, nag victoria,
ngayón ang gantí co sa bigay mong onra
camtan mo ang aquing anac na si Blanca.
Nang arao ring iyo i, biglang pinatauag
ang bunying Obispo dumating dito agád,
princesang nasabi,t, si Artos na Layag
iquinasal silang ualang liuag-liuag.
Di co na sabihin ang malaquing saya
nang tanang consejo doon sa Verecia,
at nang macaraan ay napaalam na
sa haring Floristo itong mag-asaua.
Pinahintulutan namán ang hinilíng
nang arao na iyón sila,i, lumacad din,
at nang sa Valencia nang sila,i, dumating
manga casayaha,i, di sucat sabihin.
Gayon din ang toua nang manga consejo
pauang nagdiriuang sa nangyaring ito,
caya nga,t, nag fiesta sa real palacio
bilang pasalubong na sa reinang bago.
At sa sayáng iyo,i, inilangcáp nila
sa manga simbahan ang misa de gracia,
pagpapasalamat sa Dios ang una
at ang icalauá sa hari at reina.

Saca nang malibang manga ilang arao
madláng casayahan namán ay naparam,
linoob nang Dios at Poong Maycapal
ang mahál na reina,i, nagbuntis pagcouan.
Sa taning na bouan dumating na agád
ang naguing tadhana nitóng panganganac,
nagdaang hinusay ang reinang marilág
at hindi nagdamdám nang anomang hirap.
Na sa naguing bunga sangol na lalaqui
sagana sa gandá na nacauiuili,
alangán pa mandín ang balitang Marte
at ni Adonais sa diquít at búti.
Caya nga,t, sa toua ng bunying monarca
ay pinabinyagán ang anac na sintá,
sabi sa historia,i, na sa simbahan pa,
pumasoc sa reino isang embajada.
Ito,i, ang gigante na si Mauleón
tampalasa,t, sucáb encantado,t, pusóng,
sa haring cay Artos nagsabi nang gayón
ibigáy ang reino,t, nang hindi malipol.
Galit nitóng hari ay ualáng capara
ipinagtabuyan itóng embajada,
at saca nagsoot nang peto,t, manopla
sangcáp ang catauan ng madlang sandata.
Sa isang cabayo,i, sumacay na agád
bigláng pinatacbó,t, tinungo ang gúbat,
ípo-ípo mandi,t, marahás na quidlát
sa isang cazador doo,i, naquitúlad.
Sa lupang encanto nang dumating doón
sa tahanang cueva lílong Mauleón,

tumiguil sa pinto,t, gigante,i, hinamon mabilís na tigre ang nacaca-úcol.

Gigante,i, lumabás sa cuevang tahanan sa dalauang matá apóy ang nunucál, agad inihaguis ang rodelang tangan ang hari sinilo nang cadenang bacal.

Sa parayang yao,i. hindi rin nangyari na sa calicsiha,i, daíg pa si Marte, nagbagong acala ang lilong gigante nagdilím ang bundoc ang camuc-ha,i, gabí.

Guinaua nang hari sinoot pagdaca singsing sa daliri na bigay nang bruha, dilím ay napauí at lumiuanang na gigante,i, tinaga nang tangang espada.

Sa pagtatagaan na may tatlong oras ang lilong gigante,i, natadtad nang súgat. dahilan sa singsing na caniyang namalas nangurong ang ugat sa lúpa,i, nalagmac.

Dito na humiyao nang catacot-tacot nayaníg ang parang at sampó nang bundoc, siya nang paglabas nang lahat nang hayop umugong ang gúbat parang isang culog.

Ang puerco espín lílong baboy damó manga pacong bacal iyong balahibo, víbora,t, serpiente na pito ang úlo, leo,t, manga tigre at sampó nang lobo.

Ito,i, familiar nang giganteng sucab sabihin ang dami,t, capal na di hamac, sa haring cay Artos pinatay na lahat sampó pa nang cueva,i, nagcaualat-ualat.

Saca ang gigante ay pinagbalicán
nang haring si Artos sa galit na tangan,
ang panilo niyá na cadenang bacal
siyáng itinali,t, gapos na matibay.
At sa sinasac-yang cabayong marahás
doón ibinuntót ang giganteng sucáb
sa lubhang matulin nang pagpapalacad
pagdaca,i, dinating ang Valencia ciudad.
Alcaide,i, tinauag at pinagsabihan,
gigante ay cuni,t, isabilanguan,
grillosán ang psá at saca tasahan
nang manga pagcain sa maghapong arao.
Matapos ang bilin hari,i, umalis na
nac-yát sa palacio,t, humaráp sa reina,
ang toua sa loob ualáng macapara
hinagca,t, niyacap ang anac na sintá.
At sacá tinanóng ang reinang marilág
cun anó ang ngalan niyóng naguing anac,
Juan ay ang sagót nang esposang liyag
Teñoso ang siyang palayao nang lahat.
Sa lahat nang iyón sabihin ang sayá
manga catouaan nang bunying monarca,
at mahabang arao guinaua ang fiesta
saca sinusuhan cañón sa muralla.
Casayaháng yao,i, panahó,i, lumácad
nang pagtutumulin hangin ang catulad,
cun caya natiguil sa pagca panatag
sangól na nasabi sumapit sa edad.
Sagana sa diquít at baquit magandá
at ang icalauá namán ay masiglá,

caya,t, ang sino mang balang macaquita sa príncipeng yao,i, nagtatamóng sayá.

Tiguilan co rito,t, inyó nang talastás cun ibig matanto ninyo at matatap, búhay na nangyari cay Teñosong hayág bumilí nang isá at dito,i, ilangcáp.

Pagca,t, púuo ito na pinangalingan ni Juan Teñoso na manga magulang, samo co sa inyo,i, nang hindi magculang ay isanib dito cay Teñosong búhay.

At sa hangang dito cayong bumabasa piliting lasapín ang bubot na búnga, cun hindi macain patauarin nilá itong tumulâ na si

E. J. de T.

Imprenta at Librería ni J. Martí

Plaza Moraga 34-36, Calderón de la Barca 108 at Estraude 7, Bi

Ipinagbibilí sa LIBRERIANG itó ang mga s sunod na aklát sa wikàng tagalog:

Búhay ni Aladino
» » Alejandre at D. Luis
» » Almanzor
» » Arturo, Lauro at Rosalio
» » Amáng si Jesús
» » Baldovino
» » Beatriz
» » Beata María
» » Bernardo Carpio
» » Bertong laseng
» » Blanca Elor
» » Babaying Samaritana
» » Cabayong Tabla
» » Celira
» » Conde Urbano
» » Constancio at Urbano
» » Cricelda
» » Dama Inés
» » D.ª Marcela
» » D.ª María sa Ahas
» » Doce Pares
» » Dr. José Rizal
» » Dr. José Burgos
» » D. Diego at D.ª Juana
» » Edmundo
» » Eliseo at ni Feliza
» » Eliseo at Hortensio
» » Esopo
» » Emilio
» » Felizardo
» » Fieles Amantes
» » Florante at Laura
» » Florentina
» » Floriño
» » Gonzalo de Córdova
» » Gunlás
» » Haring Asuero
» » » Calabaza
» » » Saúl at David
» » » Salomón
» » Ibong Adarna
» » Isabela
» » Jacobina
» » Jaime del Prado
» » José Vendido

Búhay ni José Flores
» » Juan Bachiller
» » Juan at María
» » Juan Patáy
» » Juan Tiñoso
» » Juan Tamad
» » Juan Labuyo
» » Julieta at Romeo
» » Leopoldo
» » Ludovico
» » Landás na tuntun
» » Ligaya sa Langit at
» » Manrique
» » María Merced
» » Ntra. Sra. de Ant
» » Perpetua
» » Pantinople
» » Príncipe Gimeno
» » » Erastro
» » » Orontis
» » » Igmidio
» » » Oliveros
» » Pitóng Infantes d
» » Proceso
» » Plus Santorum 3 p
» » Poncio Pilato
» » Reina Mora
» » Rodolfo
» » Rodrigo de Villas
» » Santa Ana
» » » Eulalia
» » » Isabel
» » » Regina
» » Sigesmundo
» » Sofía, Teresa at
» » Sagrada Misa
» » Santong si Moise
» » Santa Elena
» » Tablante de Ricau
» » Tatlóng Número
» » Tatlong Personas
» » Tomás at María
» » Totoo at Sinunga
» » Ulirán ng Cabalta
» » Urbana at ni Fe
» » Villarba

palaisipan: Birubiru kung saulan tamaan -P



UNIVERSITY OF MICHIGAN
3 9015 05176 4192